JANUARY
Makugihon

FEBRUARY
Mahigugmaon

MARCH
Matinabangon

APRIL
Matinahuron

MAY
Mahapsay og Malinyo

JUNE
Maabtik og Musunod sa Insaktong Oras

JULY
Maantigo og Maabilidad

AUGUST
Maginhunahunaon para sa Uban

SEPTEMBER
Madaginoton

OCTOBER
Matinud-anon

NOVEMBER
Masaligan

DECEMBER
Maalampuon


Republic of the Philippines
Department of Education
Regional Office IX, Zamboanga Peninsula


4

Zest for Progress
Zeal of Partnership

# Edukasyong Pantahanan at Pangkabuhayan

## Kwarter 2 - Modyul 6:
## Agrikultura



Name of Learner: ___________________________

Grade & Section: ___________________________

Name of School: ___________________________

**Edukasyong Pantahanan at Pangkabuhayan – Grade 4**
**Alternative Delivery Mode (ADM)**
**Kwarter 2 - Modyul 6: Mga Hayop na Maaring Alagaan**
**Unang Edisyon, 2020**

Paunawa hinggil sa karapatang sipi. Isinasaad ng Seksiyon 176 ng Batas Pambansa Bilang 8293 na: Hindi maaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anumang akda ng Pamahalaan ng Pilipinas. Gayunpaman, kailangan muna ng pahintulot ng pamahalaan o tanggapan kung saan ginawa ang isang akda upang magamitsa pagkakakitaan ang nasabing akda. Kabilang sa mga maaring gawin ng nasabing ahensya o tanggapan ay ang patawan ng bayad na royalty bilang kondisyon.

Ang mga akda/materyales (mga kwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand names, tatak o trademarks, palabas sa telebisyon, pelikula at iba pa) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon.Pinagtibay sa isangkasunduan ng Kagawaran ng Edukasyon at Filipinas Copyright Licensing Society (FILCOLS) Inc. na ang FILCOLS ang kumakatawan sa paghingi ng pahintulot sa nagmamay-ari ng mga akdang hiniram at ginamit dito. Hindi inaangkin ni kinatawan ng tagapaglathala (publisher) at mga may-akda ang karapatang-aring iyon.

Published by the Department of Education
Secretary: Leonor Magtolis Briones
Undersecretary: Diosdado M. San Antonio

**Development Team of the Module**

**Developer:** Lily M. Devila
**Editor:** Allan T. Garcia, Ed.D.
James B. Delos Reyes, PhD
**Reviewers:** Laarni V. Miranda, Ed.D.
**Team Leader:** Elsa A. Marcos, Ed.D.
**Illustrator:** Gilbert B. Zamora
Aldous Ryean D. Gabitanan
**Layout Artist:** Lily M. Devila
**Management Team:** Roy C. Tuballa, EMD., JD., CESO VI
Jay S. Montealto, CESO VI
Norma T. Francisco, DM
Mildred D. Dayao, Ed.D.
Laarni V. Miranda, Ed.D.
Aida F. Coyme, Ed.D.

**Printed in the Philippines**
Department of Education Region IX – Zamboanga Peninsula

Office Address: Pres. Corazon C. Aquino Regional Government Center, Balintawak, Pagadian City, Zamboanga del Sur Province 7016
Telefax: (062) 215-3753, 215-3751, 991-1907, 215-3789
E-mail Address: region9@deped.gov.ph



# ***ALAMIN***

Mabuhay! Ang modyul na ito ay naglalayong matulungan ang mga guro at mag-aaral na maipagpatuloy ang kanilang pagtuturo at ang pagkamit na karunungan sa panahon ng pandemya.

Idinisenyo at isinulat ang modyul na ito na kayo ang nasa isipan. Matutulungan kayo nito upang kayo'y maging mahusay, bihasa, at malayang mag-aaral sa pagkatuto ng mga aralin na may kaugnayan sa pagtatanim,

Nilalaman:

Sa Araling ito, lubos nating mauunawaan ang kahalagahan ng pag-aalaga ng hayop sa tahanan na maaring libangan at mapagkakitaan. Ang kabutihang naidudulot nito sa tao at sa kabuhayan ng pamilya. Matatalakay din sa aralin ang maaring dulot ng pag-aalaga ng hayop Mabuti man o masama sa kalusugan. Tukuyin din ang hayop na maaring alagaan at ang mga katangian nito at paraan ng pag-aalaga. Alamin din natin ang mga bagay na dapat pag-iingatan sa mga hayop na mababanggit.

Ilan sa mga kaalaman at kasanayan ay ang pagkilala sa iba't ibang uri ng hayop at ang mga kabutihang dulot nito,

Ang modyul na ito ay tungkol sa:

Mga Hayop na maaring alagaan at ang kabutihang dulot sa pag-aalaga nito

Pagkatapos ang mga aralin, kayo ay inaasahang:

1. Natatalakay ang kabutihang dulot ng pag-aalaga ng hayop sa tahanan.
2. Natutukoy ang mga hayop na maaring alagaan sa tahanan.



## SUBUKIN

Lagyan ng Tsek (√) kung wasto ang ipinahahayag ng pangungusap at ekis (X) naman kung hindi.

__________1. Ang aso ay tinatawag na pinakamatalik na kaibigan ng tao.

__________2. May batas na ipinagbabawal ang pagmamalupit sa mga hayop.

__________3. Ang pag-aalaga ng hayop ay nakakadagdag lamang sa trabaho at gastos at wala itong pakinabang.


__________4. Nakapagbibigay ng kasiyahan ang pag-aalaga ng hayop.

__________5. Kahit anong klaseng hayop ay maaring alagaan sa loob ng bahay.



## BALIKAN





## TUKLASIN

Iguhit ang paborito mong hayop na inaalagaan sa bahay at bigyang linaw ang sumusunod na mga tanong.


1. Ano ang pangalan ng alaga mong hayop?
2. Paano mo itong inaalagaan?
3. Bakit gusto mo ito alagaan?



## SURIIN

Ang pag-aalaga ng hayop sa bahay ay maraming dulot na kabutihan, maaring ito ay maging libangan at mapagkakitaan at kapakipakinabang na gawain. Nakatutulong din upang maalis ang stress at gumanda ang ating kalusugan. Madadagdagan din ang kita ng mag-anak kung ito ay mapaparami at maipagbili.


Narito ang ilan sa mga alagang hayop na pwedeng alagaan sa bahay.


Manok

Malaki ang maitutulong ang pag-aalaga ng manok dahil ito'y nakapagbibigay ng kita o negosyo dahil sa mga itlog nito.maaring rin ibenta ang karne o gawing ulam. Ang mga ipot naman ay maaring gamiting pataba sa halaman.


Aso

Ang aso ay mainam alagaan dahil nakakatulong ito sa pagbabantay ng tahanan. Nagsisilbi din itong kaibigan ng mga tao,kaya maraming mag-anak ang naglalaan ng panahon sa pag-aalaga nito ngunit kailangan ng ibayong ingat dahil kapag ito ay sinasaktan nagiging matapang at nangangagat.


Kuneho

Ang kuneho ay isa ring magandang alagaan sa bahay dahil sila ay *eco-friendly animals.* Mainam din itong alagaan dahil mabait at nagbibigay ito ng masustansiyang karne at hindi madaling dapuan ng sakit. Ang pagkain ng kuneho ay halamang dahoon tulad ng letsugas, kangkong at repolyo. Hindi sila maselan sa pagkain, maari mong bigyan ng butyl ng mais o giniling na munggo.



Pusa

Ang pusa ay isa ring mabuting alaga sa tahanan. Mahusay itong manghuli ng daga dahil sa matalas ang kaniyang paningin, pang-amoy,at pandinig. Maaari rin itong manakit ng tao kapag ito ay nasaktan kaya kailangan ng pag-iingat sa paglalaro at pangangalaga sa pusa.



Ibon

Ang mga ibon bilang alagang hayop sa bahay ay madaling maturuan. Maraming ibon ang natutong magsalita. Sila rin ay tumutulong gumawa ng iba't ibang *antics* kaya maraming tao ang nahuhumaling mag-alaga ng ibon. Sila ay madaling alagaan. Maliban sa nagdudulot ng kasiyahan sa nag-aalaga, ito rin ay maaring pagkakakitaan.

Maraming kabutihan ang naidudulot ng pag-aalaga ng hayop sa tahanan. Gaya ng mga sumusunod:

- Nakakatulong ito sa pamumuhay ng mag-anak sa pamayanan kung may kaalaman sa pag-aalaga ng mga hayop.
- Nagsisilbi itong libangan at kasama gaya ng aso at pusa sa loob ng tahanan. Ang aso ay nagsisilbing bantay sa bahay kapag walang tao at ang pusa naman ay hinuhuli ang mga daga sa tahanan.
- Ang manok ay pinagmumulan ng mga produktong karne, at nagbibigay ng itlog na pwedeng kainin at ibenta.
- Maaari din paramihin ang mga alagang hayop at pagkakakitaan upang makatulong sa pang araw-araw na gastos.
- Ang dumi ng hayop tulad ng manok at kuneho ay pwede din gawing pataba sa mga halaman.
- Mabuti itong kasanayan sa mga bata na magkaroon ng responsibilidad sa pag-aalaga at pagpapakain ng mga alagang hayop.



## *PAGYAMANIN*

A. Gamit ang kolum, Isulat ang pangalan ng hayop na maaring alagaan sa bahay at ang kabutihang dulot nito.

| Pangalan ng hayop | Kabutihang dulot nito |
|---|---|
| 1. | |
| 2. | |
| 3. | |
| 4. | |
| 5. | |



## *ISAISIP*

Kumpletuhin ang bawat pangungusap ng mga salita na nasa loob ng kahon.

| | | |
|---|---|---|
| Pamumuhay | | karne at itlog |
| | Matalik na kaibigan | |
| Pagkakakitaan | | Dumi |

1. Nakakatulong sa______________ng pamilya ang pag-aalaga ng hayop.
2. Ang_______________ng hayop ay maaring gawing pataba sa halaman.
3. Paramihin ang mga alagang hayop upang_________________at makakatulong sa pang araw-araw na gastos.
4. Ang manok ay nagbibigay ng_______________________________.
5. Ang aso ay kilala sa tawag na______________________________.




# *ISAGAWA*

Panuto: Pagtatapat-tapatin: Itapat ang larawan ng hayop na nasa hanay A sa kabutihang dulot nito sa hanay B.

Hanay A

1. 

2. 

3. 

4. 

5. 

Hanay B

a. nagsisilbing bantay sa bahay at
matalik na kaibigan ng tao.

b.nabibigay ng karne at itlog.

c. Magandang alagaan sa
bahay dahil sila ay *eco-friendly*.

d. Madaling alagaan at
nakakahumaling mag-alaga dahil
nagdudulot ito ng kasiyahan.

e.Mahusay alagaan ito'y
naghuhuli ng daga at mabait din
itong kalaro.



# *TAYAHIN*

Basahin ang bawat aytem. Bilugan ang titik ng tamang sagot.

1. Alin sa mga sumusunod ang kahalagahan sa pag-aalaga ng hayop?
   a.libangan at mapagkakitaan b. puhunan
   c. nakapagpapaganda ng kapaligiran d.kasiyahan

2. Bakit may mga uri ng hayop na mainam alagaan sa loob ng bahay?
   a. dahil takot sila sa labas
   b. dahil kailangan nila matulog kasama ang tao
   c. dahil ito ay *pet* ng mga tao, nagpapasaya at nakakatulong din
   d. dahil ito ay pampaswerte sa bahay.

3. Lahat ang nabanggit ay kabutihang dulot sa pag-aalaga ng hayop maliban sa isa.
   *a.* Nagsisilbi itong libangan ng mga tao b.Nakakatanggal ng *stress*
   c. Nakakapagbigay din ito dagdag kita d.Nagbibigay ng sariwang hangin

4.Si Luis ay may paboritong alagang hayop. Lagi niya itong kasama saan man siya pumupunta dahil ito ang matalik niyang kaibigan,Anong hayop kaya ang alaga ni Luis?
   a.Pusa b. Aso c.kuneho d.Manok

5. Si Ana ay mahilig kumain ng itlog, para makatipid naisip ang kanyang mga magulang na gumawa ng kulungan at mag-alaga ng hayop para may makuha silang itlog at karne. Anong hayop kaya ang naisip nilang alagaan?
   a.Aso b. kuneho c.manok d.baka

6. Anong hayop ang tumutulong sa paghuhuli ng daga sa bahay?
   a. manok b.kambing c.isda d.pusa

*7.* Alaga sa bahay na nagsisilbing palamuti at atraksyon na mainam ilagay sa loob ng *aquarium.*
   a.isda b. manok c.kuneho d.wala

8. Itong hayop ay mainam alagaan sa bahay dahil hindi ito gaanong dinadapuan ng sakit, at kumakain ito ng berdeng damo at gulay.
   a. Kambing b.kuneho c. baka d. kalabaw

*9.* Ang mga hayop na ito ay mainam alagaan sa loob ng bahay o gawing *pet* maliban sa isa.
   a.manok b. ahas c. ibon d. pusa

10. Ang pag-aalaga ng hayop ay kawili-wili at libangan ngunit ito ay kailangan:
   a. pag-iisipan at iingatan
   b. paglalaan ng panahon
   c. Malaki ang iyong bahay
   d. Pagplanuhan kung anong hayop ang mainam alagaan at kung ito ba ay angkop sa tahanan.



# *KARAGDAGANG GAWAIN*

Panuto: Sumulat ng maikling talata tungkol sa mga alagang hayop ninyo sa bahay. Gawing gabay ang mga sumusunod na tanong.

1. Nakatutulong at nakapagdudulot ba ng kasiyahan ang pag-aalaga ng mga piling hayop sa loob ng tahanan?
2. Kawili-wili ba ang pag-aalaga ng hayop? Bakit
3. Anong kabutihang dulot nito sa inyo?



# *SUSI SA PAGWAWASTO*

**Subukin**

1.√ 2.√ 3.X 4.√
5.X

**Pagyamanin**

| **Pangalan ng hayop** | **Kabutihang dulot nito** |
|---|---|
| 1. Isda | Nagsisilbing libangan at atraksyon sa bahay |
| 2. Kalapati | Nagsisilbing libangan |
| 3.Pusa | Nanghuhuli ng daga sa bahay |
| 4.Aso | Nagsisilbing bantay sa bahay |
| 5. Manok | Nagbibigay ng karne at itlog |

**Isaisip**

1.Pamumuhay
2.Dumi
3.Pagkakakitaan
4.Karne at itlog
5.Matalik na kaibigan

**Isagawa**

1.d
2.b
3.a
4.e
5.c

**Tayahin**

1.a 2.c 3.d 4.b 5.c
6.d 7.a 8.b 9.b 10.d

## ***SANGGUNIAN:***

Edukasyong Pantahanan at Pangkabuhayan-Ikaapat na Baitang Kagamitan ng Mag-aaral, Department of Education, Unang Edisyon 2015

Edukasyong Pantahanan at Pangkabuhayan- Ikaapat na Baitang Patnubay ng Guro, Department of Education, Unang Edisyon 2015

"Bird (Aves)," accessed June 30, 2020 http://pngimg.com/download/20069

# Region IX : Zamboanga Peninsula Hymn – Our Eden Land

Here the trees

And flowers bloom

Here the breezes gently

Blow,

Here the birds sing

Merrily,

The liberty forever
Stays,

Here the Badjaos roam the seas

Here the Samals live in peace

Here the Tausogs thrive so free

With the Yakans in unity

Gallant men

And Ladies fair

Linger with love and care

Golden beams of sunrise and sunset

Are visions you'll never forget

Oh! That's Region IX

Hardworking people

Abound,

Every valleys and Rale

Zamboangueños, Tagalogs, Bicolanos,

Cebuanos, Ilocanos, Subanons, Boholanos,

Ilongos,

All of them are proud and true

Region IX our Eden Land